Nagpahintulot ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa manlalakbay ng tatlong araw at mga gabi nito,at sa nananahanan ay isang araw at isang gabi.

Ayon kay Abū Bakrah Nufay` bin Al-Ḥārith Ath-Thaqafīy, malugod si Allāh sa kanya.- Buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Na siya ay nagpahintulot sa manlalakbay ng tatlong araw at mga gabi nito,at sa nananahanan ay isang araw at isang gabi,Kapag nakapaglinis at isinuot niya ang dalawang medyas nito;na punasan niya ang dalawang ito.

[Maganda] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni Addaraqutni]

((Na siya ay nagpahintulot sa manlalakbay ng tatlong araw at mga gabi nito,at sa nananahanan ay isang araw at isang gabi,Kapag nakapaglinis at isinuot niya ang dalawang medyas nito;na punasan niya ang dalawang ito.)) Naisalaysay buhat kay Abe Bakrah-malugod si Allah sa kanya-Buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan:(Nagpahintulot sa manlalakbay) ibig sabihin ay: Sa pagpunas ng dalawang medyas,At sa pagkasabi niya:(tatlong araw at mga gabi nito,at sa nananahanan ay isang araw at isang gabi) Mayroon patunay sa pagbibigay oras sa pagpunas sa loob ng tatlong araw sa manlalakbay,at isang araw at isang gabi sa mga nananahanan,At naisalaysay ang pagbibigay oras na ito sa mga Hadith nang mula sa humigit sampung Kasamahan ng Propeta,At kaya dinagdagan ng oras para sa manlalakbay,sapagkat siya ay karapa-dapat sa pagpapahintulot kaysa nananahanan,dahil sa hirap ng paglalakbay,at magsisimula ang oras ng pagpupunas mula sa pagpunas pagkatapos ng dumi. [mawalan ng bisa ang wudhu].Sa sinabi niya:(Kapag nakapaglinis at isinuot niya ang dalawang medyas nito) ibig sabihin,Sa bawat manlalakbay at nananahanan,kapag nakapaglinis mula sa maliit na dumi,at ang Khuff ay tsinilas mula sa anak ni Adam,na binabalot ang dalawang bukong-bukong,at ang medyas ay telang suot ng kalalakihan mula sa kahit anumang bagay na yari sa buhok o lana o tela o balat,makapal man o manipis hanggang sa taas ng bukong-bukong na ginagamit sa taglamig,At ang kahulugan ng kabuuang Hadith: Na ang pagsusuot ng dalawang Khuff [medyas] ay gagawin pagkatapos ng ganap na paglilinis,At ito ay kondisyon sa pagsuot ng dalawang Khuff [medyas] ay kapag nasa Kalinisan.kahit magkaroon pa ng pagitan ang paglilinis niya at pagsuot niya sa dalawang medyas,At sinuman ang matupad sa kanya ang kalinisan,Sa kanya,ay (Punasan niya ang dalawang ito).At ang pagpupunas,ay pagpapadaan ng basang kamay sa bahagi nito,sa ibabaw ng Khuff [medyas] na hindi kasama ang sa loob nito at ilalim nito,batay sa naisalaysay.